


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

5

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Quarter 3 - Modyul 7:

## Pakikilahok sa Pangangampanya sa Pagpapatupad ng mga Batas



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________



# Alamin

Magandang araw mag-aaral!

Maraming programa at proyekto ang pamahalaan araa sa ikabubuti ng lahat. Bilang mamamayang Pilipino, tungkulin nating makilahok sa mga programang ito upang magtagumpay ang mga mithiin nito at makatulong sa pag-unlad ng bawat isa at ng bansa.

Ano ang ibig sabihin ng pakikilahok? Ito ay isang aksiyon o gawain ng tao o samahan na sama-samang gumagawa upang lutasin ang isang suliranin o makamit ang isang layunin.

Nasubok mo na bang sumali o makiisa sa mga proyekto ng iyong paaralan o ng iyong pamayanan? Ano ang pakiramdam? Ano ang naging bunga ng pakikilahok mo rito?

Sa modyul na ito, inaasahang maipakikita mo ang mga paraan ng pakikilahok sa pangangampanya sa pagpapatupad ng mga batas para sa kabutihan ng lahat.

Layunin ng modyul na ito ang gabayan kayo sa pagkamit ng kasanayang ito:

6. Nakalalahok sa pangangampanya sa pagpapatupad ng mga batas

    6.1 pangkalinisan
    6.2 pangkaligtasan
    6.3 pangkalusugan
    6.4 pangkapayapaan
    6.5 pangkalikasan

**EsP5PPP-IIIg-30**

| Modyul 7 | PAKIKILAHOK SA PANGANGAMPANYA SA PAGPAPATUPAD NG MGA BATAS PARA SA KABUTIHAN NG LAHAT |
|---|---|



# Balikan

Sa nakaraang modyul, inyong napag-aralan ang mga hakbang kung paano makiisa sa mga programa ng pamahalaan na may kaugnayan sa pagpapanatili ng kapayapaan. Sa modyul na ito, inaasahang mas mapapalalim pa ang kaalaman mo tungkol sa pakikilahok sa pangangampanya sa pagpapatupad ng mga batas para sa kabutihan ng lahat.

**Gawain: Panuto:** Sagutin ng **TAMA** o **MALI** ang pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

______1. Ang hindi pagsang-ayon nang hindi nailalahad ang mga dahilan ay nagpapakita ng paggalang sa opinyon ng iba.

______2. Kailangang isipin na hindi lahat ng tao ay may magkakatulad na opinyon.

______3. Ang batas para sa mahihirap at mayayaman ay pantay.

______4. Makilahok sa paggawa ng poster tungkol sa paggalang ng karapatang pantao.

______5. Hindi pakikiisa sa pamahalaan

______6. Lalahok sa kampanya kontra droga.

______7. Hindi pagsunod sa curfew na ibinigay ng punong barangay.

______8.Isa sa mga hakbang upang igalang ang opinion ng ibang tao ay ang pag-unawa nang mabuti.

______9. Pagsuway sa alagad ng batas.

______10. Ang pagsunod sa batas ay pagpapakita ng pagmamahal sa bayan.



# Tuklasin

Sa bahaging ito mapag-aralan mo ang mga dapat gawin kung paano ka makikilahok sa pangangampanya sa pagpapatupad ng mga bata sa inyongg pamayanan para sa kabutihan ng lahat.

Gawain

Panuto: Isulat sa kahon ang mga paraan ng pakikilahok na maaari mong gawin sa sumusunod na mga batas ng inyong pamayanan.

| **Batas** | **Paano Makikilahok** |
|---|---|
| 1. Curfew Hour | |
| 2. Paghuli sa mga gumagalang aso o hayop | |
| 3. Pagsugpo sa ipinagbabawal na gamot | |
| 4.Pagbabawal ng pagtatapon ng basura sa lansangan | |
| 5.Pagpapatupad ng Waste Segregation Project | |



# Suriin

Sa bahaging ito, mas mapalalim pa ang iyong pag-unawa tungkol sa mga dapat gawin sa pakikilahok sa pangangampanya ng mga batas para sa suliraning pangkalinisan, pangkaligtasan, pangkalusugan, pangkapayapaan at pangkalikasan.

**Tutulong Kami!**

Araw ng Sabado. Nagdaos ng pagpupulong ang mga pinuno ng Barangay Kapalaran. Dinaluhan ito ng mga mamamayan ng nasabing barangay.

Punong Barangay: Nakakalungkot na ang mga nangyayari sa ating barangay. Panahon na para pagtulung-tulungan nating lutasin ang mga problemang pangkalinisan, pangkaligtasan, pangkalusugan, pangkapayapaan at maging pangkalikasan.

Aling Susan: Sa aking palagay, dapat lahat ay kumilos sa mga problemang iyan at nang mabigyan natin ng solusyon.

Mang Lito: Tama! Ang makakapagbigay ng solusyon diyan ay tayo ring naninirahan sa barangay na ito.

Mang Juan: Kaya nga dapat tayo ay magkaisa upang mapanatili natin ang kapayapaan at katahimikan dito sa ating lugar. Pati mga anak natin ay kakatulungin natin sa pagsugpo sa mga problemang ito.

Mea: Bilang lider po ng mga kabataan dito sa ating barangay ay sumasang-ayon po ako sa mungkahi ni Mang Juan. Nakahanda po kaming tumulong.

Del: Ako po ay sasama sa pangangampanya sa usaping pangkalinisan. Ako na po ang gagawa ng mga poster upang iparating sa lahat ang ating layunin hinggil sa kalinisan ng ating barangay.

Toto: Ipagpaumanhin po ninyo na hindi nakadalo si Tatay sa papulong na ito dahil may pinuntahan po siya. Ako na po ang magsasabi sa kanya na bilang isang barangay tanod ay mas dapat sipagan pa niya ang pagroronda upang mapanatili natin ang kapayapaan at kaligtasan dito sa ating lugar.

Ali: Tutulungan ko po ang nanay ko na makalap ang mga listahan ng mga malnourished sa ating lugar upang maireport agad sa kinauukulan at ng mabigyan kaagad sila ng tulong.

Ella: Kakausapin ko naman po ang guro namin na hikayatin ang mga kaklase ko na lumahok sa aming pinaplano ni Karen na pagtatanim ng mga puno sa tabi ng kalsada.

Barangay Captain: Nakakatuwa ang mga batang ito. Tunay nga ang sabi ng inyong mga magulang na kayo ay mga responsableng anak. Hindi lang kayo responsableng anak kundi isa rin kayong responsableng munting mamamayan. Maraming salamat sa inyo.

Paolo: Maaasahan po ninyo ang aming tulong. Marami rin pong salamat sa inyong pagpapaalala sa amin ng aming mga tungkulin na dapat gampanan.

Lyn: Kung sakali pong may mga bagay na hindi namin kayang gawin, maari po bang humingi kami ng tulong sa mga opisyal ng barangay at sa mga matatanda rito?

Lahat: Makakaasa kayo.

Mga kabataan: Marami pong salamat.

Natapos ang papulong na ang lahat ay may ngiti sa labi. Lahat ay umaasa na matatapos na rin ang problema ng kanilang barangay.

**Gawain: Panuto:** Sagutin ang sumusunod. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

1. Ano ang pinag -uusapan sa dayalogo?

___

2. Ano-ano ang mga naging panukala ng mga tauhan upang malutas ang mga suliranin tulad ng:

| Suliranin | Panukalang Solusyon sa Suliranin |
|---|---|
| a. pangkalinisan | |
| b. pangkaligtasan | |
| c. pangkalusugan | |
| d.pangkapayapaan | |
| e.pangkalikasan | |

3. Naranasan mo na bang makilahok sa panangampanya sa pagpapatupad ng mga batas ng inyong barangay?

4. Paano ka nakatulong sa kampanyang iyon?

5. Sa iyong palagay, mahalaga ba ang pakikilahok sa kampanya sa pagpapatupad ng batas sa inyong barangay? Bakit?



# Pagyamanin

## Pagtatasa 1

**Panuto:** Basahin ang mga programa, ahensiya, alituntunin, o kampanya sa bawat bilang. Alamin kung ito ay:

| | |
|---|---|
| Pangkalinisan | pangkapayapaan |
| Pangkaligtasan | pangkalikasan |
| Pangkalusugan | paggalang sa karapatan |

| Programa, ahensiya, alituntunin, o kampanya | |
|---|---|
| 1. Save the Forest | |
| 2. I am Ready (GMA) at Red Alert (ABS-CBN) | |
| 3. Tapat Ko, Linis Ko | |
| 4. Samahan ng mga Nanay sa Wastong Nutrisyon ng mga Sanggol | |
| 5. One Million Voices for Peace (OMVP) | |
| 6.Pagbabantay ng 24 oras sa barangay | |
| 7.Earth Hour | |
| 8.Kampanya sa Illegal Logging | |
| 9.Feeding Program | |
| 10.NDRRMC | |



# Isaisip

**Panuto:** Ipaliwanag sa pamamagitan ng isang talata ang sagot sa tanong na ito: Paano makatutulong ang kasipagan, pagmamalasakit at pagsasakripisyo sa bayan ang pagkakampanya para sa :

A Kalinisan b. Kaligtasan c. Kalusugan
d. Kapayapaan e. Kalikasan

**Rubrics sa Pagmamarka ng Isinulat na Talata**

| **Mga Batayan** | **Antas ng Pagmamarka** | | |
|---|---|---|---|
| | **5** | **3** | **2** |
| 1. Nilalaman | **Malinaw** na naipahayag sa talata ang maaaring mangyari kung ang bawat tao ay hindi gaganap sa kaniyang pananagutan. **Lahat** ng pangungusap na ginamit ay malinaw. | **Hindi masyadong malinaw ngunit may punto** ang pahayag sa talata ang maaaring mangyari kung ang bawat tao ay hindi gaganap sa kaniyang pananagutan. **1-2 sa mga pangungusap na ginamit ang hindi malinaw** | **Malayo** sa paksa ang naisulat na talata. |
| 2. Organisasyon | **Mahusay** ang pagkakasulat ng talata. Naipamalas ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya. May **panimula, katawan** at **konklusyon.** | **Maayos** ang pagkakasulat ng talata. **1** sa **3** bahagi ng talata ang hindi naipamalas nang wasto | **Hindi maayos** ang pagkakasulat ng talata. Hindi naipamalas ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya. |



# Isagawa

**I.** **Panuto:** Sumulat ng pangako at dapat na gawin batay sa iyong natutunan sa aralin.

| Pangako |
| --- |
| Ako'y nangangakong tutulong sa paglutas ng suliranin sa aming barangay para sa kabutihan ng lahat sa pamamagitan ng: |

**Rubrics sa Pagmamarka ng Isinulat na Talata**

| Mga Batayan | Antas ng Pagmamarka | | |
| --- | --- | --- | --- |
| | 5 | 3 | 2 |
| 1. Nilalaman | **Malinaw** na naipahayag sa talata ang maaaring mangyari kung ang bawat tao ay hindi gaganap sa kaniyang pananagutan. **Lahat** ng pangungusap na ginamit ay malinaw. | **Hindi masyadong malinaw ngunit may punto** ang pahayag sa talata ang maaaring mangyari kung ang bawat tao ay hindi gaganap sa kaniyang pananagutan. **1-2 sa mga pangungusap na ginamit ang hindi malinaw** | **Malayo** sa paksa ang naisulat na talata. |
| 2. Organisasyon | **Mahusay** ang pagkakasulat ng talata. Naipamalas ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya. May **panimula, katawan** at **konklusyon.** | **Maayos** ang pagkakasulat ng talata. **1** sa **3** bahagi ng talata ang hindi naipamalas nang wasto | **Hindi maayos** ang pagkakasulat ng talata. Hindi naipamalas ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya. |

**II.** **Panuto:** Sagutin at pag-isipang mabuti. Lagyan ng tsek (/) ang hanay ng iyong sagot.

| Sa iyong palagay, dapat bang . . . | Oo | Hindi | Hindi ko alam |
|---|---|---|---|
| 1. Tumulong sa pagkampanya sa illegal logging? | | | |
| 2. tumulong sa kampanya na tapusin na ang kaguluhan sa Mindanao | | | |
| 3. pigilan ang mga bata na mapahayag ng opinyon? | | | |
| 4. Sumali sa kampanyang pangkaligtasan sa barangay para maging handa sa oras ng kalamidad? | | | |
| 5. Pakiusapan ang kapitbahay na drayber na ipaayos na ang mausok na tambutso ng kaniyang dyip? | | | |



# Tayahin

**Panuto:** Pag-aralan ang bawat tanong o pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. May ordinansa sa inyong barangay na ang mga batang edad 17 pababa ay kailangang manatili na sa mga sari-sariling tahanan at wala ng maaari pang lumabas simula alas-nuwebe nang gabi hanggang alas-kwatro ng umaga. Ano ang gagawin mo?
   A. Hindi ko to susundin sapagkat marami naman akong pwedeng idahilan.
   B. Susundin ko ito para na rin sa aking kaligtasan.
   C. Lalabas ako kung kelan ko gusto
   D. Pagtataguan ko na lamang ang mga nagroronda.

2. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** nagpapakita ng pagsunod sa batas ng pangangalaga sa kalikasan?
   A. Sa parke hindi mo pinipitas ang mga magagandang bulaklak na nakikita mo.
   B. Sa daan ay inilalaglag mo ang mga basura galing sa iyong bulsa mula sa paaralan.
   C. Sa palaruan ay itinatapon mo ang iyong basura sa basurahan kahit alam mong may tagalinis naman dito.
   D. Sa palikuran ay ipina-flush mo ang kubeta at hindi itinatapon ang tissue sa toilet bowl para malinis na magamit ng ibang tao.

3. Nagbigay ng pagpupulong ang inyong barangay ukol sa mga dapat gawin saa oras ng pagbaha o sakuna dahil isa ang inyong lugar sa mga binababa tuwing malakas ang ulan. Nagbababala ang PAG-ASA na magkakaroon ng bagyo sa susunod na araw. Ano ang dapat mong gawin?
   A. Susundin ko ang bilin ng aking tatay.

B. Gagawa ako ng sarili kong diskarte dahil alam ko ang lugar namin.
C. Susundin ko ang mga ibinilin sa amin ng mga tauhan ng barangay
D. Susundin ko ang mga ibinilin sa amin ngunit hindi ako lilikas hanggang hindi pa mataas ang tubig.

4. Naglunsad ang inyong barangay ng local na programang Greening Program. Hinihikayat ang bawat pamilya sa inyong barangay na magkroon ng isang narseri sa bakuran. Ano ang inyong gagawin?
   A. Masayang makilahok sa programa.
   B. Magsawalang- kibo upang hindi mapansin.
   C. Sabihin sa barangay na hindi kayo marunong magtanim.
   D. Magpalista sa barangay ngunit hindi gagawa ng narseri.

5. May programang Eco-Savers sa paaralan nina Alex kung saan hinihikayat ang mga mag-aaral na magdala ng mga basurang maaari pang pakinabangan kapalit ang puntos nito. Araw-araw nakikita niyang itinatapon lamang ito ng kaniyang nanay sa basurahan. Ano ang dapat niyang gawin?
   A. Hindi dadalhin ang mga basura dahil mabigat ito.
   B. Dalhin sa paaralan ang mga basurang napapakinabangan pa.
   C. Magdala ng kaunting basura upang mapagbigyan ang guro.
   D. Hindi magdadala ng basura dahil mas kikita kung sa iba ito ipagbibili



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Lagyan ng tsek (/) ang bilang na nagsasaad ng pakkikilahok sa mga programa o proyekto at ekis (x) kung hindi.

_______1. Lumahok si Donna sa proyekto ng paaralan tungkol sa paglilinis ng mga baybaying dagat kasama ang kanyang ibang kamag-aral.

_______2.Naglunsad ang inyong paaralan ng tree planting activity sapagkat nauubos na ang mga puno sa inyong lugar ngunit hindi ka sumama dahil napapagod ka.

______3. Hindi mo pinansin ang mga opisyal ng barangay na namigay ng sulat na kailangang nakatali ang mga alagang aso upang hindi makapangagat ng ibang naninirahan sa barangay.

______4.Ibinahagi mo sa miyembro ng iyong pamilya ang tungkol sa mga batas na ipinatupad sa ating bansa.

______5. Sumali ka sa pagsasanay sa inyong paaralan upang makatulong ka sa feeding program ng inyong barangay.



# Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

1 Mali
2 Tama
3 Tama
4 Tama
5 Mali
6 Tama
7 Mali
8 Tam
9 Mali
10 Tama

**Pagyamanin**

1. pangkalikasa
2. pangkaligtasan
3. pangkalinisan
4. pangkalusugan
5. pangkapayapaan

6 /pangkaligtasan
7 pangkalikasan
8 pangkalikasan
9 pangkalusugan
10. pangkaligtasan

**Tayahin**

1 **B**
2 **B**
3 C
4 **A**
5 **B**

**Karagdgang Gawain**

1 /
2 x
3 x
4 /
5 /

## *Sanggunian*


- Kagawaran ng Edukasyon, *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon*, Batayang Aklat, 150-157



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Vilma Tanaman-. Carretero
Teacher III, Bagong Silang Elementary School
West District , Pagadian City, Schools Division

**Editor:** Mila P. Arao, Science Supervisor

**Tagasuri:** Jovita A. Dugenia (PSDS, Values Education Supervisor)

**Tagapamahala:** Danny B. Cordova, EdD, CESE,*OIC-SDS*
Maria Colleen Emoricha, EdD, *OIC-*
Matt Ranilo O. Singson, EdD *OIC-ASDS*
Isagani B. Cabahug, *SGOD Chief*
Ma. Diosa Z. Peralta,*CID Chief*
Ma. Madelene P. Mituda, *LR Supervisor*

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom Gallant men And Ladies fair
Here the breezes gently Blow, Linger with love and care
Here the birds sing Merrily, Golden beams of sunrise and sunset
The liberty forever Stays, Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Here the Badjaos roam the seas Every valleys and Dale
Here the Samals live in peace Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Here the Tausogs thrive so free Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
With the Yakans in unity Ilongos,

All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.